# PAGLASA SA PANSAMANTALA

Mga Nilalaman:

Aral sa Pagsasaing
Araling Panlipunan
Pagbabalat
Alon-along Alumpihit
Juana's Store
Pulutan
Halika na sa Kusina
Hugas-Bigas
Apat na Hiwa ng Quezo de Bola
Bali-balita
Pa(g)salubong
Mga Binalot Mula sa Sampaloc, Quezon

**Aral sa Pagsasaing**

Panukat ng gutom
ang basyo ng gatas.
Ginagatang
sa balde ng broas
ang babanlawang mga butil
na kinapitan ng gabok,
ipa, at nakasalbang bato
sa pagpag ng bilao.

Anim na taon ako nang ituro ni nanay:
papantayin ng palad
ang babaw
at lalim ng kabusugan.

> Na ang kakulangan ay pagkahilaw.
> Na ang kalabisan ay pagkalugaw.

Isasalang
sa bunganga ng kalan
ang kalderong maya-maya lang
ay magsasabulkan.

> Talasan ang pandama
> upang bago pa kumawala ang luha
> at manginig ang katahimikan—
> mapakakalma ang kulo na nakulob.

Sisingaw
ang puting-puting usok.
Susulpot
ang mga tuldok,
animo'y mga kabisera sa mapa.
Pagtitimpiin ang apoy.

> Mag-ingat.
> Sa pagkalingat,
> nakapapasong pait
> ang pagsasaluhan.

Anim na taon ako
nang masilip
ang lumalalim na bigasan.

Sa hapag-kainan—

tagos sa dibdib ni nanay
ang asó sa bandehado.
Sa kabisera, sumanib sa titig ni tatay
ang paso ng sabaw.
Naging madalas naming kasalo
ang katahimikan.

Katahimikang nasa pagitan
ng aming nguya, lunok, lagok—
dighal ng kuliglig sa labas.
Kay bigat-bigat ng kubyertos,
at ang mga salita,
kasamang natunaw sa sikmura.

Anim na taon ako nang maunawaan:

Sinisinop.
Hinuhugasan.
Pinagsasaluhan.
Ipinauubaya hindi lamang
isusubo, maging ang sarili.

**Araling Panlipunan**

Parang mga hiwa ng karne
ang mga kontinente sa mapa.
Dahil makulay, inisip ko ring
sapin-sapin tulad ng niluluto
ni lola kung pista. Puwede ring
sambuong pizza, tingnan mo
ang mga laylayan, parang kinagat-
kagat. Pambihirang gutom,
kay raming nasubo sa paglalayag.
Napadpad sa kung saang kabisera
tulad ng aking magulang.

Mapamapa o mapaglobo, madalas kong
mapagkamalang nilaga ang Hilaga,
sabaw na pinaglalawayan sa panlalamig.
Pakirinig ko'y hinog, hindi Timog, tulad ng
manggang namimintog sa pagkadurog.
Pakiwari sa Kanluran, kudkuran na sumusugat
sa kalamnan ng niyog; ang bao, araw na napagod.
Pero ang Silangan— Silangan pa rin.
Sinasangag sa liwanag ng araw—
binababad sa baha.

Hindi ako nalilipasan ng gutom,
sapat na sapat ang aking baon.
Talagang pagkain lang ang nalalasap ko
sa mga talakayan— lalo pa't bilog ang mundo
parang platong minamanibela ni lola
sa tuwing may aalis pagkatapos ng salusalo.

Sa mga paglalakbay na pinag-aralan,
may mga pangalang pinaparangalan
ang bawat panahon, ang bawat lugar.
Ibinabansag para masariwa ang alaala.
Dito, mula sa pagkain hanggang sa kalsada.
Ultimo posporo sa pagsisindi ng kalan.
Kung pagpapangala'y pagdakila sa bayani,
sibuyas pa ba ang sibuyas natin?
Patola ang patola? Ang sangkalan?
May kawa pa bang natitira?

At kung itatala ang aming buhay,
tatawagin ko itong lasaysayan.
Umiinog na parang plato,

hindi malinaw ang simula—
patutunguhan ng takam.

**Pagbabalat**

Pahambugan kami sa Mauban
na mabuo ang balat ng daranghita.
Pagalingan sa Lucena
na mabuo ang balat ng dalanghita.
Paangasan sa Maynila
na masolid ang balat ng dalandan.

Tinititigan ng talunan ang pagpiga
sa punit na balat. Hindi ko masabi
na malas lang talaga.
O naninibago. Sa mga kaklase
natutunan ko: maaaring tumawa
sa pagluha ng iba.

Isang prutas, hitik sa bigkas—

baklas.

**Alon-along Alumpihit**

Hindi ko mapihit ang switch
ng ating washing machine.

Dati, sagad sa huling segundo.
Dalawang ulit pa nga
upang tiyak na bumitaw:
ketsap sa polo,
anino ng pagdalaw
ng kasibulan sa palda,
amoy ng mga maghapong
kumapit sa kamiseta.

Ganito raw, budyong ng radyo,
yanig na gumalit sa tubig;
lumamon sa inyong lungsod.
Humambalos sa aking hinahon.
Lumimas sa aming mga sumamo.

Hindi
ko mapihit.

Mangyaring napupunit
ang sigaw ng mga damit sa sagip.
Nasasakal ang mga kuwelyo.
Napipilipit ang mga manggas,
Ang mga laylaya't mga baston
waring nagkukumahog umahon.
Tila nakatingala, nananalangin
sa akin ang titig ng mga butones:
huwag,
huwag buhayin ang yanig
\hampas/hatak\salpok/
at tuluyang pagkalunod.

Ganito raw, sabi ng Abante,
yanig na gumalit sa tubig;
lumunok sa inyong lungsod.
Umanod sa aming kapanatagan.
Nagpangunyapit sa pangitain ng bituin.

Pisces:

Babaha ang suwerte, subalit raragasa rin ang mga pagsubok.

Higpitan lang ang kapit sa talim ng panahon.
Lucky no/s: 3, 11
Lucky color/s: Bright Red & White

Nang subukan ko munang magkape,
hindi ko rin mahalo-halo
ang pulbos ng nalusaw
na tamis at pait.
Nalaman ko, mahal—
handa ako na muling
magkusot.

**Juana’s Store**

Delikado?
Aysus, sa hukay rin naman
matatapos ang lahat.
Kung pagsamantalahan?
Minsan, may mga biyayang
nagpapanggap na dahas.
Sige, sama-sama nga rito,
sama-sama ring pagtotong-itan.

Nakakalungkot?
Hoy, hindi maibabayad
ng utang ang drama!
(Puwede kung patulan ng *Maalaala*.)
Kung luha lang ibabayad mo, isoli mo
‘yang bigas, bibigyan kita ng eksena.

Praktikal ang labanan.
Sabi ko sa aking anak, poriner
ang gusto kong manugang.
Tingnan mo ‘yang sa harap:
linis ang lista, bato na ang bahay.
Nagmukhang tao pa ang mga anak.
Tibay ng tenga lang ang puhunan!

**Pulutan**

Sa tagay, ikaw ay tumawag ng lakas.
Maghilom, mapanatag pansamantala.
Sumubo, sariwang hiwa ay kumatas.

Nalango, sa tawana't huntahang wagas.
Limang kaarawang basag kang nagbilang.
Sa tagay, ikaw ay tumawag ng lakas.

Pagtitimpi, tulad ng bula'y umawas.
Ang iyong tapang, waring babad sa suka.
Sumubo, sariwang hiwa ay kumatas.

Naghamon ka, pinal ang pasyang kumalas.
Mga bote at kantyaw, muling nag-umpugan.
Sa tagay, ikaw ay tumawag ng lakas.

Paggising, ulo ay parang napahampas
sa sakit— iniinda maging ng dila.
Sumubo, sariwang hiwa ay kumatas.

Walang naniwala sa iyong bulalas.
Tulad lang ng kinilaw: ikaw ay hilaw.
Sa tagay, ikaw ay tumawag ng lakas.
Sumubo, sariwang hiwa ay kumatas.

**Halika na sa Kusina**

Ano ka ba, luho lamang ang paglalamas ng asin sa ampalaya. Sa pait nakakabit ang sustansiya. Hindi ako maselan sa hiwa. Abala lamang ang nipis ng gayat. Mas makapal, mas lasap na lasap ang takam sa tikim. Gaya ng kaniyang pagpikit-pikit habang sumisirit ang ginisang pait sa dila at ngalangala. Laway na laway sa kalinga ng aking kusina.

Masarap din daw magluto ang kaniyang asawa. (Mabilaukan ka sana.) Pero bawi niya, mas malasa ang aking timpla. Napasasarap, maging sinumpang gulay. (Naku naman, paborito ko rin ang bola-bola.)

Gusto mong malaman ang aking sikreto? Halika. Tumuloy ka. Ang totoo: wala. Wala namang sikretong hindi nalalaman. Walang binabad na ugat o halaman o dasal na inihahalo sa kawali. Ang kaibahan lang: kung anong mayroon, e di iyon. Hindi naman laging ampalaya. May panahong mustasa. Patola. Kalabasa. Talong. Tahong.

*Bakit nga ba mapait ang ampalaya?* lagi niyang tanong. Kasi nakakunot, lagi kong sagot, hindi isinali sa bahay-kubo.

Ang totoo— walang ampat ang pait sa paglalaway sa laya.

**Hugas-bigas**

Kanina pa sana nakatikim ng tadyak
ang tv kundi lang bagong bili.
High blood na naman si tatay.
Parang batang inasar-talo ng SONA:
*Tuwid, tuwid. Baka tuwad!*
Natigil nang mapatingin sa orasan.
*Magsaing na. Huwag mong*
*itatapon ang ikalawang hugas.*
Muling nag-init sa pagtaas ng piso.
Tumaas pa ang boses
sa palakpak sa mga OFW.
*Mabuhay? Mabubuhay*
*ka ba sa bugbog o bitay?*

Malabo, talagang malabo

kahit sa ikatlong ulit
parang ulap ang kupas ng bigas.
Kakulay na kakulay ng ikalawa.
Kung ganito nga ang ulap sa alamat:
nadakot, nakatagong gaspang ng langit.
Kaya pala napapangiwi ako
sa paghigop ng sinigang.
Namnam na namnam—
bugtong ng sampalok.

Bago kumain, lahat naghuhugas
ng kamay— hindi ng bigas.

**Apat na Hiwa ng Quezo de Bola**

1

sa palad ninyo
solidong-solido
namumukol na tukso

2

mundong walang sulok
inapat naging tatsulok
palasong tutusok

3

bombang nakatanim
sa lamig ng hangin
sumabog sa ngipin

4

pulang-pulang sarap
nang mahubdan ng balat
naninilaw na alat

**Bali-balita**

Kilalang-kilala niya ang gisa ng gutom sa mga karaniwang hapon: limang kilong miki, tatlong repolyo, walong sayote, sampung sibuyas. Kaunting takal ng kuwento. Minsan, kusang sumasandok ng tawad.

Nakaruta sa kaniyang mga alak-alakan ang mga eskenita ng bayan. Sa ilang dekada, inihahatid niya ang nakapapasong balita. Isang atas ang kaniyang boses. Bumubukas ang mga pinto at bintana, saan man huminto: naipapako ang sentro de grabedad ng takam. Nagpapaubaya sila, mas mahaba man ang ipipila kaysa ihahabhab. O mas gusto nilang ganoon, mas marami-raming napagsasaluhang huntahan.

Tuwing Pahiyas, nakaparada sa plasa ang kaniyang tindahang mala-pedicab. Mabentang-mabenta sa kamera: sapin ng dahon ng saging at diyaryo, siling nalunod sa bote ng suka; paglapit ng palad, paglapat ng bibig. Paglagok sa tubig-Banahaw.

Pansiiiiit!

Kaunting dulas ng dila, pansin ang aalingawngaw. Isang kalatas ang pilas ng dahon. Maaring pumikit dahil dila ang babasa. Sasalat sa salita ng init. Sa wika ng lasa. Saan man sila mapadpad, umuuwi at umuuwi sa giniginaw na paanan ng Banahaw ang maiinit na hibla ng gunitang ginugupit ng mga ngipin. Sa tinagal-tagal, natantiya na niya ang pagbating: *Anong balita, Aleng Lita?*

Bukas-palad niyang iniaabot ang pansit. Walang init-init. Ihip. Walang sala-salabid sa sabik. Samid at samid lamang. Minsan siguro'y naisip ng humahabhab, *ito* ang lasa ng balita. Sa suka sumasarap— sa anghang lumilinamnam. Minsan, siguro'y nasabi niya sa mga parokyanong nagsasalita habang puno ang bunganga, *lumunok ka muna, kinakain mo ang iyong kuwento.*

Maraming kuwento ang maraming pangarap. Pero hindi lahat ng pangarap ay ikinukuwento. Iginigisa ng ilan, tulad niya. Tinitikman, hindi sinasaid dahil mas masarap na pagsaluhan. Mayroon ding nilalalasap nang paulit-ulit, parang alingawngaw.

Maraming tanong kaya kinakain ang pansit nang may pagpapakumbaba. Yumuyuko, pagtanggap sa mga hibla na walang iisang haba. Humahalik, muli't muling pagkilala sa init. Paglapit sa pagitan na sinagkaan ng mga kubyertos. Isang paghahangad na maging ganap, ganap na ganap pa rin na katatas-pulong sa bayang minamahal pero laging iniiwan.

**Pa(g)salubong**

Binulabog ako ng mga katok
ng kutsilyo at mga boses
(si lola't mga di-kilalang kamag-anak),
tumatagos sa solidong sandali ng kurtina.
Mga ka-baranggay. May sumisipol.
Siguro, nagtatawag ng hangin
o ginaganahan sa pambubulahaw.

Nakisabay ang aking pintig.
Parang sabik. Parang galit.
Natahimik ang sangkalan.
Sumagitsit ang kawali.
Parang galit. Parang sabik.
May tumili; lumapat ang takip.
Nagsasalimbayan ang palakpak
at halakhak. Kanya-kanyang
*Naaalala n'yo po ba, noong…*

Parang rumatsada ulit
ang patalim. Kumakatok.
Parang 'yung mukha
sa pamaypay noong eleksiyon.
Pumasok sa bahay,
mahigpit ang pagkamay.

Idiniin ko ang unan sa tainga.
Sa bintana, inihahayag ng liwanag
ang himaymay ng kurtina.
Bumangon ako para mag-almusal.
Iba-ibang putahe para sa isang pagdating.
Nasa gilid ng lamesa ang sangkalang kahoy.
Sa ibabaw ng puting mantel, parang sugat
na pinapapak ng mga langaw.
Noong kinailangan— doon lang— naalala,
sabunin ang nangingintab na lansa.
Kabi-kabila ang kuwentuhan.
Hindi ko mapag-iba ang talim sa dila.
'Di na makilala ang parating— pinag-uusapan.
Sisipol-sipol akong bumalik sa kuwarto. Babawi,
puyat na puyat ang aking mga tainga.
Hindi matiyak kung tumawa ba o umiyak
ang mga langaw, nang haluin ko
ang dinuguan.

**Mga Binalot mula sa Sampaloc, Quezon**

Pinais[1]

Kung kakagatin ang unlapi
ng pagkaing ito, tanging nais
ang matitira sa ating plato.

Nais na iuulam natin sa pagitan
ng mahaba-habang kumustahan,
ng malawig-lawig na paghihintay.

Lagi't laging may takam sa nais,
gaya ng asam sa manamis-namis
na sabaw nito sa bandehado.

Sa linamnam ng kinayod na batang niyog,
mga hipong sumukob sa suson
ng mga dahong kamamba.

---

[1] Sangkap ng ulam: batang niyog/hipon-ilog/paminta/asin/asukal/dahon ng kamamba/dahon ng saging

**Mula sa Magpipinais:**

1. Ganiri, kayurin mo ang bata pang niyog. Aba'y huwag mong itatapon ang sabaw. Ihiwalay mo laang.
2. Tapos haluin ang kinayod na niyog kasama ng hipon (siguraduhing galing ilog para 'di malansa), paminta, at asin. Marahan laang.
3. Ibalot mo sa dahon ng kamamba. 'Yang kamamba, 'yan ang pampasarap kasi mahiwaga. Hindi naipupunla— kusang sumisibol. Natutunaw sa ulan kaya kailangang isilong. Kaya kahit anong purba nilang mag-pinais doon, ee, hindi ari. Kaya pag-uwi, ayun, panay ang pahanap sa Pinais.
4. Pagkatapos, ibalot sa dahon ng saging. Talian ng linas (hibla ng buli). Saka mo pakuluan sa mismong sabaw ng niyog na may asin at asukal. Palamangin ang asukal, para matikman ang hinahanap-hanap na tamis.

Pinangat[2]

Kung titikman ang unang tatlong titik,
angat ang malalabing lapot sa lapat
ng mga dahon ng gabing ginapos ng linas.

Angat na kakapit sa talim ng ating mga dila,
maglalakbay sa lalamunan, sisisid sa sikmurang
di masikmu-sikmurang hindi ngumuya.

Gabi-gabing may alimpungat sa angat,
gaya ng di sinasadyang pagkakagat sa dila
habang sumasabog ang luha ng luya sa bunganga.

[2] Sangkap ng ulam: ginadgad na luya, sardinas o tuyô, dahon ng gabi, kakang (puro) gata, suka.

**Mula sa Magpipinangat:**

1. Gamay na ng kamay ko kung ilang dahon. Depende sa laki. ‘Pag katamtaman, 5-6 na suson ng mga dahon  ng gabi. Iposisyon mong parang may hukay sa gitna. Parang sasalo. Sasalok.
2. Ipalaman ang luya, sardinas o tuyo, at nilutong gata sa katapusang suson ng dahon. Parang nagbabaon ng kayamanan.
3. Tiklupin ang dahon, talian ng linas, lutuin sa gata.
4. Lagyan ng kaunting suka, ‘pag inaakalang luto na ang dahon ng gabi, ahunin ang binabalik-balikang linamnam na nagpasakit sa brasong naghangad sa kakang gata.

Tamalis[3]

Kung hahatiin ang tamalis sa dalawa, sigurado,
kukunin mo ang alis. Ipauubaya pa sa akin
ang unang titik ng iyong bahagi.

Alis na sisilip sa bawat aking paghubad
sa mga nalapnos na dahon ng saging
sa kumukulong tubig sa kaserola.

Araw-araw, may alimuom sa alis,
gaya ng pawis sa dahon at tamalis
na sinasamyo natin bago kagatin.

Paano maililigtas sa pagkapanis ang nais?
Paano naibabalot, sarap ng angat?
Kailan nagiging tama, asim ng alis?

[3] Mula sa Tamales ng Mexico na naging matigas ang bigkas sa Sampaloc.

Sangkap ng kakanin: giniling na sinangag na bigas/ bawang/ paminta/ nilagang itlog/ hot dog/ dahon ng saging

**Mula sa Magtatamalis:**

1. Igisa mo muna ang ipinagiling na sinangag na bigas hanggang sa mamula.
2. Takal-takalin sa dahon ng saging.
3. Ibabawan ng nilagang itlog, hiniwang hotdog.
4. Ibalot sa dahon ng saging at talian. Abay ingatan mong ‘di mabutas ang dahon. Lalabsak at mananabang ‘pag nagkataon.
5. Pakuluan nang isang oras. Huwag mainip, mabilis laang ang oras. Kunsabagay, maraming maiisip o maaaring mangyari kahit sa sinasabing “mabilis.” Basta, ‘wag na ‘wag kalilimutan ang isinalang.